FAIRFAX - FALLS CHURCH
Community Services Board

Paunawa sa mga Kaugalian sa Privacy ng Fairfax-Falls Church Community Services Board

Simula sa: Pebrero 16, 2026

INILALARAWAN NG PAUNAWANG ITO KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT AT IBUNYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT PAANO KA MAKAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.

Inilalarawan din ng paunawang ito ang:

- **IYONG MGA KARAPATAN KAUGNAY NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN MO**
- **PAANO MAGSUMITE NG REKLAMO HINGGIL SA ISANG PAGLABAG SA PRIVACY O SA SEGURIDAD NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN MO, O SA IYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA IYONG IMPORMASYON**

MAY KARAPATAN KANG MAGKAROON NG KOPYA NG PAUNAWANG ITO (SA PAPEL MAN O ELEKTRONIKO) AT PARA TALAKAYIN ITO SA MEDICAL RECORDS MANAGEMENT: (703) 383-8480 O SA EMAIL: CSBMEDICALRECORDS@FAIRAXCOUNTY.GOV O KUNG MAYROON KANG ANUMANG MGA TANONG.

PAKI-REVIEW ITO NANG MABUTI.

Inilalarawan ng Paunawa sa mga Kaugalian sa Privacy na ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ng mga Fairfax County Government health care provider ang iyong protected health information (“PHI,”) para sa paggamot, pagbabayad, o sa mga health care operation at para sa ibang mga layunin na pinahihintulutan o hinihingi ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA) tulad ng inamyendahan ng Health Information Technology for Economic and Clinical Health Act of 2009, at ng iba pang naaangkop na batas. Ang PHI ay isang impormasyon na maaaring kumilala sa iyo, na nauugnay sa iyong pisikal o mental na kalusugan sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap sa mga serbisyo sa heath care o sa pagbabayad ng naturang mga serbisyo, at iyan ay nage-generate o natanggap ng Fairfax County HIPAA-covered agency. Inilalarawan din ng Paunawang ito kung paano ang Bahagi 2 na mga programa na kinakailangan upang protektahan ang impormasyon alinsunod sa Pagkakompidensyal ng Rekord ng Pasyente Ukol sa Problema sa Paggamit ng Sangkap (42 USC 290dd-2) (“impormasyon sa problema sa paggamit ng sangkap”), tulad ng Community Services Board (CSB), ay maaaring gumamit at magbunyag ng iyong impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap. Bukod pa sa HIPAA at 42 USC 290dd-2, ang ibang mga patakaran sa privacy ay maaaring maglimita sa pagbubunyag ng iyong impormasyon sa kalusugan, tulad ng mga regulasyon ng Virginia Health Records Privacy (Virginia Code § 32.1-127.1:03) at Virginia Department of Behavioral Health and Developmental Services (12 Va. Admin. Code § 35-115-80). Kami ay inaatasan ng batas na tiyakin na ang iyong impormasyon sa kalusugan ay mapanatiling pribado at ipaalam sa iyo kung sakaling may paglabag sa iyong hindi secure na PHI at impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap.

Inilalarawan din ng Paunawang ito ang iyong mga legal na karapatan sa ilalim ng HIPAA at 42 USC 290dd-2, kabilang ang iyong mga karapatang i-access at kontrolin ang iyong impormasyon. Kami ay inaatasan na ibigay sa iyo ang Paunawang ito upang ipaliwanag ang aming mga legal na tungkulin at mga kaugalian sa privacy at upang sundin ang mga tuntunin ng Paunawa na kasalukuyang ipinatutupad.

Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibunyag ang Impormasyon Tungkol Sa Iyo

Paggamit at Pagbubunyag

Ang mga sumusunod na kategorya ay naglalarawan sa mga paraan kung paano namin ginagamit at ibinubunyag ang iyong PHI. Hindi maisusulat ang lahat ng paggamit at pagbubunyag. Gayunpaman, lahat ng paraan na pinahihintulutan kaming gumamit at magbunyag ng impormasyon ay nasa isa sa mga kategoryang ito. Kahit na ang mga limitadong paggamit na ito ay karaniwang hindi nangangailangan ng iyong permiso, sa ilang mga kaso, hihilingin namin sa iyo na bigya kami ng nakasulat na permiso sa pamamagitan ng paglagda sa isang form ng pahintulot ("Awtorisasyon") upang gumamit at magbunyag ng impormasyon tungkol sa iyo para makapagbigay ng mga paggamot at serbisyo, para tumanggap ng bayad para sa ibinigay na mga paggamot at serbisyo, at para gawin ang aming pang-araw-araw na pangangalaga sa kalusugan. Para sa ibang mga paggamit at pagbubunyag ng impormasyon sa kalusugan na hindi sakop ng Paunawang ito o ng mga batas na naaangkop sa amin, hihilingin namin lagi ang iyong Awtorisasyon, tulad ng nakasaad sa ibaba.

Kapag naibunyag na ang iyong PHI tulad ng nakasaad sa Paunawang ito, maaaring muling mabunyag ang impormasyong ito at hindi na protektado ng HIPAA. Ang ibang mga batas ay maaaring patuloy na pumrotekta sa iyong impormasyon, tulad ng 42 USC 290dd-2 at Virginia Code § 32.1-127.1:03. Ang pagbubunyag ng impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap ay maaari lamang gawin para sa mga layuning nakasaad sa (A) at (B) sa ibaba kung may Awtorisasyon mo. Kapag naibigay mo na ang iyong Awtorisasyon, ang impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng

sangkap ay maaari ring muling ibunyag tulad ng PHI ayon sa pinahihintulutan ng HIPAA (tulad ng nakasaad sa (A) at (B) sa ibaba) ng Bahagi 2 na programa, ng sakop na kumpanya, o kasamahan sa negosyo.

A. Kailan Namin Maaaring Gamitin at Ibunyag ang Impormasyon Nang Wala ang Iyong Awtorisasyon. Maaari naming gamitin at ibunyag ang PHI tungkol sa iyo (berbal o sa sulat) nang walang Awtorisasyon mo para sa sumusunod na mga layunin. Maaari lang naming gamitin at ibunyag ang iyong impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap para sa mga sumusunod na layunin kapag may Awtorisasyon mo, maliban kung inawtorisahan o hinihingi ng pederal na batas.

1. **Para sa Paggamot.** Maaari kaming gumamit ng PHI tungkol sa iyo upang makapagbigay ng medikal na paggamot o mga serbisyo, kabilang sa mga sumusunod na kaso:
   - Para sa mga doktor, nars, technician, o iba pang personnel na kasama sa pag-aalaga sa iyo.
   - Para sa ibang mga provider at mga kasamahan sa negosyo para pangasiwaan ang pangangalaga sa iyo, tulad ng mga reseta, trabaho sa laboratoryo, at mga x-ray.
   - Para sa iyong emergency medical provider o sa iba pang mga provider kapag inililipat ang pangangalaga sa iyo.
   - Para kausapin ka tungkol sa mga opsyon sa paggamot o para i-refer ka sa ibang provider.
   - Para sa mga taong nasa labas ng Fairfax County Government na nagbibigay ng mga serbisyong may kaugnayan sa pangangalaga sa iyo, tulad ng mga home health agency o mga provider ng pabahay.

2. **Para sa Pagbabayad**. Maaari kaming gumamit at magbunyag ng PHI tungkol sa iyo para ang paggamot at mga serbisyong matatanggap mo ay maaaring ma-bill at makolekta ang bayad mula sa iyo, sa isang kumpanya ng insurance, o sa ibang ikatlong partido. Halimbawa, kung natukoy mo ang isang ikatlong partido na responsable sa pagbabayad, isang buwanang bill ang maaaring ipadala sa taong iyon. Ang aktibidad sa pagbabayad ay maaari ring maglakip sa pagtitiyak sa pagiging kuwalipikado o sa medikal na pangangailangan, pamamahala ng mga claim, o naunang pag-apruba. Kung ayaw mong makatanggap ang iyong health plan ng impormasyon tungkol sa paggamot na nabayaran mo na nang patiuna, Tingnan ang “Karapatang Humiling ng mga Restriksyon” sa Paunawang ito.

3. **Para sa mga Health Care Operation.** Maaari kaming gumamit at magbunyag ng PHI tungkol sa iyo para sa mga health care operation. Halimbawa, maaari kaming gumamit ng PHI upang i-review ang aming paggamot at mga serbisyo at para i-evaluate ang performance ng aming staff sa kanilang pag-aalaga sa iyo, para sa mga pagtitiyak ng kalidad, accreditation, licensure, inspeksyon at mga programa sa pagsasanay at upang makita kung ano ang mapapabuti namin sa pangangalaga at sa mga serbisyong inaalok namin. Maaari rin naming pagsamahin ang PHI tungkol sa maraming pasyente at magpasya kung anong karagdagang mga serbisyo ang dapat naming ialok, anong mga serbisyo ang hindi kinakailangan, at kung epektibo ba ang mga bagong paggamot. Maaari rin kaming gumamit ng PHI na pinaghalo at tinanggalan ng identipikasyon para sa mga layunin ng pagrereport.

4. **Mga indibidwal na kasama sa pangangalaga sa iyo o sa pagbabayad sa pangangalaga sa iyo.** Maaari kaming maglabas ng PHI tungkol sa iyo sa isang miyembro ng pamilya, ibang kamag-anak, o kaibigan na kasama sa pangangalaga sa iyo o sa pagbabayad sa pangangalaga sa iyo kung makakuha kami ng berbal na pagsang-ayon mo para gawin ito o kung bibigyan ka namin ng pagkakataong tumutol sa naturang pagbubunyag at hindi ka tumututol. Sa mga sitwasyong hindi mo magawang tumutol (dahil wala ka o dahil wala kang kapasidad o may medikal na emerhensiya), maaari kaming magpasya na ang pagbubunyag ay para sa pinakaikabubuti mo ayon sa aming propesyonal na paghuhusga. Sa ganitong sitwasyon, ibubunyag lamang namin ang impormasyon sa kalusugan na mahalaga sa kaugnayan ng taong iyon sa pangangalaga sa iyo o sa pagbabayad para sa pangangalaga.

B. Iba Pang Pinahihintulutan at Kinakailangang Paggamit at Pagbubunyag na Maaaring Gawin Nang Wala ang Iyong Pahintulot, Awtorisasyon, o Pagkakataong Tumutol. Maaari naming gamitin o ibunyag ang iyong PHI sa mga sumusunod na sitwasyon nang wala ang iyong pahintulot, Awtorisasyon, o pagkakataong tumutol nang berbal. Maaari lang naming gamitin at ibunyag ang iyong impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap para sa mga sumusunod na layunin kapag may Awtorisasyon mo, maliban kung inawtorisahan o hinihingi ng pederal na batas.

1. **Ayon sa Kinakailangan ng Batas.** Ibubunyag namin ang PHI tungkol sa iyo kapag kinakailangang gawin ayon sa batas ng pederal, estado o lokal. Halimbawa, upang magreport ng mga bata o adulto na biktima ng pang-aabuso, kapabayaan o pananamantala o para ireport ang mga injury na dulot ng mga baril o mapanganib na sandata.

2. **Para sa mga Aktibidad sa Pampublikong Kalusugan.** Maaari naming ibunyag ang PHI tungkol sa iyo para mga aktibidad sa pampublikong kalusugan, kabilang para: iwasan o kontrolin ang sakit, injury, o kapansanan, kabilang sa taong maaaring nalantad sa nakakahawang sakit, magreport ng panganganak at pagkamatay;

magreport ng nagsasapanganib na mga kapansanan ng mga driver at piloto; magreport ng reaksiyon sa mga gamot o problema sa mga produkto; magbahagi ng patunay ng immunization sa mga paraalan; magreport ng mga depekto o recall ng mga produkto; at para sa medical surveillance sa lugar ng trabaho at sa pagrereport ng sakit o injury na may kaugnayan sa trabaho;

3. **Para sa pagpapatupad ng batas**. Maaari kaming magpalabas ng PHI sa ilalim ng limitadong mga sitwasyon sa isang opisyal ng law enforcement. Halimbawa, impormasyong hinihingi tungkol sa isang suspek, pugante, mahalagang testigo, o nawawalang tao para sila ay makilala at mahanap; upang magbigay ng ebidensya ng gawaing kriminal sa mga lugar na sakop ng County; sa isang opisyal ng law enforcement na may kustodiya sa iyo; upang alertuhin ang law enforcement sa paggawa ng krimen sa emergency health care na mga sitwasyon o kapag may indibidwal na namatay; kung ikaw ay isang walang kakayahan na biktima ng isang krimen at magpapasya ang provider na ang napapanahong pagbubunyag ay para sa pinakaikabubuti mo; kung ikaw ay biktima ng isang krimem at tumanggap ng EMS care; at bilang tugon sa isang utos ng hukuman, subpoena, warrant, mga summon o kahalintulad na proseso.
4. **Para maiwasan ang isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan.** Para iwasan ang napipinto at seryosong banta sa iyong kalusugan at kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao. Gayunpaman, ang anumang pagbubunyag ay para lang sa taong kayang tumulong na pigilan o bawasan ang banta.
5. **Mga aktibidad sa pangangasiwa sa kalusugan**. Maaari kaming magbunyag ng PHI sa isang ahensiya na nangangasiwa ng kalusugan para sa mga aktibidad na inawtorisahan ng batas. Kabilang sa mga aktibidad ng pangangaiwa na ito ang mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksyon, at pagsuri ng mga kredensiyal, na kinakailangan sa licensure, pagmo-monitor sa sistema sa pangangalaga ng kalusugan, sa mga programa ng gobyerno, at pagsunod sa mga batas sa karapatang sibil.
6. **Mga Coroner, Funeral Director, Medical Examiner, at mga Organ Donation.** Maaari kaming magbunyag ng PHI sa mga coroner, medical examiner, o mga funeral director at upang matukoy ang sanhi ng pagkamatay dahil sa paggawa ng ibang mga tungkulin. Maaaring gamitin at ibunyag ang PHI para sa mga tissue at organ donation.
7. **Mga hudisyal at administratibong paglilitis.** Bilang tugon sa isang subpoena, utos mula sa hukuman o administratibong tribunal, o ibang legal na proseso.
8. **Mga espesyal na function ng gobyerno**. Para sa pambansang seguridad at intelligence na mga aktibidad kabilang ang pagbibigay ng serbisyo sa proteksiyon sa Presidente o sa ibang awtorisado.
9. **Mga correctional facility**. Para sa mga kustodiyal na sitwasyon na sangkot ang pangangalaga sa kalusugan ng isang bilanggo o sa kalusugan at kaligtasan ng iba sa correctional facility.
10. **Mga layunin ng kompensasyon ng mga manggagawa.** Upang padaliin ang pagbibigay ng mga benepisyo ayon sa pinapayagan ng batas.
11. **Pananaliksik** Para sa mga researcher kapag ang Institutional Review Board o Privacy Board ay: (1) ni-review ang research proposal at nagtakda ng mga protoco upang masiguro ang privacy, at (2) inaprubahan ang pananaliksik. Ang ilang mga aktibidad sa pananaliksik ay maaaring kailangan ng Awtorisasyon.
12. **Federal Department of Health and Human Services**. Kaugnay ng isang imbestigasyon ng mga ahensiya sa Fairfax County para sumunod sa mga regulasyon ng pederal.
13. **Military.** Kung miyembro ka ng Armed Forces, maaari kaming magbunyag ng PHI ayon sa hinihingi o inawtorisahan ng batas para sa mga aktibidad na itinuturing na kinakailangan ng mga military command authority at sa mga banyagang military authority tungkol sa banyagang tauhan ng military.

C. **Taong Awtoridadong Gumawa ng Desisyon Para Sa Iyo.** Maaari kaming magbunyag ng PHI at impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap sa mga taong inawtorisahan ng batas para gumawa ng mga desisyon para sa iyo, tulad ng isang agent na itinalaga alisunod sa isang patiunang tagubilin, personal na kinatawan, o tagapangalaga.

D. **Pagpapalabas ng Impormasyon Ukol sa Problema sa Paggamit ng Sangkap.** Ang 42 USC 290dd-2 at ang mga ipinatutupad na regulasyon nito ay nag-ootorisa sa pagpapalabas ng impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap nang wala ang Awtorisasyon mo: para magreport ng pang-aabuso ng bata at pagpapabaya at mga krimen sa sakop na lugar ng Bahagi 2 na programa o laban sa mga tauhan ng Bahagi 2 na programa; sa medical personnel para sa tunay na mga medikal na emerhensiya; para sa siyentipikong pananaliksik sa ilalim ng espesipikong kalagayan; para sa mga audit at evaluations ng Bahagi 2 na programa; para sa mga layunin ng pampublikong kalusugan kung ang impormasyon ay tinanggalan ng identipikasyon; at sa isang kompanya na may direktang administratibong kontrol sa CSB.

E. Para sa mga Kasamahan sa Negosyo. Maaari naming ibahagi ang iyong PHI at iyong impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap sa mga kasamahan sa negosyo at sa mga kuwalipikadong service organization (mga contractor o ibang mga ahensiya ng Fairfax County) na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga ahensiya na sakop ng HIPAA ng County. Kinakailangan nilang protektahan ang iyong impormasyon at para ipaalam sa amin ang anumang mga paglabag.

F. Mga paggamit at pagbubunyag na nangangailangan ng iyong Awtorisasyon. Inaatasan kaming kunin ang iyong Awtorisasyon para gamitin o ibunyag ang iyong PHI para sa anumang dahilan maliban kung para sa paggamot, pagbabayad, mga health care operation, at sa mga kategoryang nakasaad sa itaas. Para sa lahat ng iba pang pagbubunyag ng PHI, hihingin namin sa iyo na punan ang isang Awtorisasyon na nagsasabi kung anong impormasyon ang maaaring ibahagi at ito ay nilagdaan mo o ng iyong legal na kinatawan. Ang iyong Awtorisasyon ay karaniwang kinakailangan para mabunyag namin ang ilang mga psychotherapy note, para ibenta ang PHI mo, o ibunyag ito para sa marketing. Maliban sa mga layuning nakasaad sa (D) sa itaas, ang iyong Awtorisasyon ay karaniwan ding kinakailangan para sa pagbubunyag ng iyong impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap. Kung magbibigay ka ng iisang Awtorisasyon para sa lahat ng paggamit o pagbubunyag para sa paggamot, pagbabayad, at mga health care operation sa hinaharap, ang impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap na ibinunyag sa isang Bahagi 2 na programa, sakop na kompanya, o kasamahan sa negosyo alinsunod sa iyong Awtorisasyon ay maaaring ibunyag pa nang higit ng Bahagi 2 na programa, sakop na kompanya, o kasamahan sa negosyo tulad ng PHI ayon sa pinahihintulutan ng HIPAA ((A) at (B) sa itaas).

Maliban kung malinaw na nakalagay sa iyong Awtorisasyon o sa 42 USC 290dd-2 na utos ng hukuman, ang impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap ay hindi maaaring gamitin sa isang sibil, kriminal, administratibo, o lehislatibong paglilitis laban sa iyo. Ibubunyag lang mga rekord batay sa utos ng hukuman pagkatapos magbigay ng abiso at ng pagkakataong marinig. Ang isang utos ng hukuman ay dapat may kasamang subpoena o ibang kahalintulad na legal na mandato na nag-uutos sa pagbubunyag bago gamitin o ibunyag ang rekord.

Maaari mong bawiin ang nilagdaang Awtorisasyon sa pamamagitan ng pagsulat at pagkontak sa naaangkop na Privacy Officer na nakasulat sa ibaba. Kung babawiin mo ang iyong Awtorisasyon, hindi na namin ibubunyag ang iyong impormasyon alinsunod sa nakasaad sa Awtorisasyon, ngunit hindi na namin mababawi ang anumang pagbubunyag na aming nagawa.

Iyong mga Karapatan

Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na karapatan para sa PHI at sa iyong impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap sa pamamagitan ng nakasulat na hiling sa naaangkop na Privacy Officer ng ahensiya na nakalista sa ibaba.

May karapatan kang mag-inspeksyon o humingi ng kopya ng iyong mga rekord sa pamamagitan ng sulat. Ibibigay namin ang mga rekord ayon sa hiniling na anyo at format, kung maibibigay sa ganitong paraan. Maaari kang humiling na magpadala ng kopya ng iyong rekord sa isang ikatlong partido, kung ang hiling ay nilagdaan, nasa sulat, at malinaw na binabanggit kung saan at kanino ipapadala ang rekord. Maaaring may babayaran ka para kumuha ng kopya ng iyong mga rekord. Kung tatanggi kaming magbigay ng mga rekord mo sa limitadong sitwasyon, makakatanggap ka ng napapanahon at nakasulat na abiso ng desisyon at dahilan nito.

May karapatan kang humiling na amyendahan ang iyong mga rekord kung naniniwala kang hindi wasto o hindi kumpleto ang impormasyon sa rekord. Dapat magbigay ka ng dahilan para suportahan ang hiling. Bibigyan ka ng nakasulat na tugon sa loob ng 60 araw.

May karapatan kang tumanggap ng listahan ng mga petsa ng pagpapadala at sinu-sino ang mga pinadalhan ng pagbubunyag ng PHI, ngunit hindi ilalakip dito ang lahat ng pagbubunyag (tulad ng mga ginawa para sa panggagamot). Dapat nakasaad sa iyong hiling ang period para sa pagbubunyag, na hindi maaaring mas matagal kaysa sa anim (6) na taon bago ang petsa ng hiling.

May karapatan sa isang listahan ng mga petsa ng pagpapadala at sinu-sino ang mga pinadalhan ng mga pagbubunyag ng impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap alinsunod sa Awtorisasyon, kabilang sa intermediary, para sa tatlo (3) taon.

May karapatan kang humiling ng restriksyon o paglilimita sa paggamit o pagbubunyag ng iyong PHI o impormasyon ukol sa paggamit ng sangkap. Kinakailangan naming sumang-ayon sa iyong hiling para sa isang restriksyon kung ang pagbubunyag ay sa health plan na para sa pagbabayad o mga healthcare operation at hindi hinihingi sa amin ng batas na ibahagi ito, at kung ang restriksyon ay naaaplay sa PHI o sa impormasyon ukol sa problema sa paggamit ng sangkap na

nauukol lamang sa mga serbisyo o item na binayaran mo nang buo, mula sa sariling bulsa. Para sa lahat ng iba pang hiling, ang ahensiya ay hindi kinakailangang sumang-ayon sa restriksyon kung hindi ito hinihingi ng batas ngunit ipapaalam sa iyo kung magagawa nilang pagbigyan ang hiniling na restriksyon.

May karapatan kang humiling na kumontak kami sa iyo sa espesipikong paraan (halimbawa, sa pamamagitan ng mail o email, o sa iyong opisina). Papaunlakan namin ang mga makatuwirang hiling.

May karapatang kang pumili na hindi tumanggap ng mga fundraising na mensahe.

Mga Pagbabago sa mga Kaugalian sa Privacy

Inilalaan ng Fairfax County ang karapatan na baguhin ang aming patakaran sa privacy at alinman sa aming mga kaugalian sa privacy sa
anumang oras, hangga't pinapayagan ng batas ng pederal at estado at para gawing epektibo ang pagbabago para sa lahat ng PH na aming hinahawakan.

Ang rebisadong Paunawa sa mga Kaugalian sa Privacy ay ipo-post at magiging available sa aming mga service area at sa website: Introduction to CSB Services and Assessment | Community Services Board Maaari ring humingi ng kopya mula sa clinic receptionist o sa Agency Privacy Officer.

Mga reklamo

Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa privacy, maaari kang magsumite ng nakasulat na reklamo sa Fairfax County Government HIPAA Compliance Officer, sa nauugnay na Agency HIPAA Privacy Officer, o sa Department of Health and Human Services sa www.fairfaxcounty.gov/hipaa. Upang magsumite ng reklamo sa isang espesipikong ahensiya, maaari mong kontakin ang Privacy Officer sa ibaba ng Lunes hanggang Biyernes sa mga oras na may opisina. *Hindi kami gagawa ng aksiyon laban sa iyo dahil sa pagsusumite ng reklamo.*

Impormasyon Kung Paano Makokontak

- HIPAA Compliance Officer ng Fairfax County 12000 Government Center Parkway Suite 533, Fairfax County Government Center Fairfax, VA 22035 703-324-2164, TTY 711hipaacomplianceofficer@fairfaxcounty.gov o sa www.fairfaxcounty.gov/hipaa
- CSB Medical Records Management 8221 Willow Oaks Corporate Drive, Suite 508, Fairfax, VA 22031, 703-383-8040, csbmedicalrecords@fairfaxcounty.gov

Pagkilala na Natanggap ang Paunawang ito

Maaaring hilingin sa iyo na lumagda na natanggap mo ang Paunawang ito. Kung ayaw mong lumagda, bibigyan ka pa rin ng Fairfax County ng health care, at hindi maaapektuhan ang iyong mga karapatan na inilarawan sa Paunawang ito.

Ang Community Services Board ay tapat upang alisin ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang LEP at pangunahing wika), kasarian, edad, o kapansanan sa mga serbisyo ng County na saklaw ng NPP na ito. Ibibigay ang makatuwirang pagpapaunlak kapag hiniling. Para sa impormasyon, kontakin ang CSB Communications Team sa 703-383-8500, o sa email sa csbcommunications@fairfaxcounty.gov.

Simula sa: Pebrero 16, 2026